

PANG-EMERHENSYANG IMPORMASYON NG SUNOG SA KAPARANGAN

Sa sunog ng kaparangan, mahalagang nakikinig ka sa-pinakabagong-balita tungkol sa nangyayari sa inyong lugar para ikaw at ang iyong kapamilya ay makagawa kaagad ng inyong Pangkaligtasang Plano sa Sunog sa Kaparangan.

Matinding iminumungkahi ng NSW Rural Fire Service ang pagtatago at magagamit ninyong mga numerong matatawagan, mga ugnayan at apps.



TANDAAN, ANG SUNOG AY MAAARING BIGLAANG MAGING MAPANGANIB

Huwag umasa lang sa iisang pinagkukunan ng impormasyong pang-emergency. Ang mga network na pang-teleponong komunikasyon ay maaaring hindi gumagana sa panahon ng sunog sa kaparangan. Mga pagkawala ng kuryente ay makakaapekto rin sa kagamitang nakakonekta sa NBN.



Sa isang pandagliang pangangailangan, idayal kaagad ang **Triple Zero (000)**.

IMPORMASYON SA SUNOG NG KAPARANGAN



App sa teleponong mobile na
Fires Near Me NSW



www.rfs.nsw.gov.au



facebook.com/nswrfs



twitter.com/nswrfs



Teleponong Matatawagan
tungkol sa Impormasyon sa
Sunog sa Kaparangan na
1800 NSW RFS
(Bush Fire Information Line
1800 NSW RFS) (1800 679 737)



Makinig sa lokal na radyo,
TV at mga balita



MAGHANDA. KUMILOS. MAKALIGTAS.

SERBISYO NG PAMATAY SUNOG
SA KABUKIRANG NSW

ALAMIN ANG MGA LABEL NG ALERTO SA SUNOG SA KAPARANGAN (KNOW THE BUSH FIRE ALERT LEVELS)

Kapag mayroong peligro ng sunog sa kaparangan, ang Bush Fire Alerts ay nagbibigay ng impormasyon sa apektadong mga komunidad gamit ang radyo, telebisyon, ang internet o mga telepono.

Ang pang-alerto ay magbibigay ng impormasyon tungkol sa kalubhaan ng sunog, kung nasaang lugar ito at kung ano ang dapat mong gawin.

May tatlong mga label ng Bush Fire Alert para matulungan kang magpasya sa tamang mga paraan ukol sa iyong kaligtasan.



PAGPAPAYO

May sunog na nagaganap. Walang karakang panganib. Manatiling inaalam ang bagong pangyayari kung sakaling may mga pagbabago sa sitwasyon.



MAGMASID AT KUMILOS

May mataas na label ng peligro. Nagbabago ang mga kalagayan at kailangan mong magsimulang kumilos para maprotektahan ang iyong sarili at pamilya.



MAY BABALA NA EMERGENCY

Ang Babalang Emergency (Emergency Warning) ang pinakamataas na label ng Bush Fire Alert. Maaaring nanganganib ka na at kailangan mong kumilos kaagad. Anumang pagka-antala ay maaaring magsa-panganib ng iyong buhay.

ANG AKING PANGALAWANG PLANO

Ang teleponong mobile, telepono sa bahay at internet ay maaaring hindi gumana sa panahon ng sunog. Ang kasangkapang nakakonekta para sa NBN ay hindi gagana habang walang kuryente.

Huwag umasa sa teknolohiya. Laging maglaan ng pangalawang plano para manatiling konektado.



LOKAL NA RADYO

Ang aking lokal na emergency broadcaster frequency ay:

.....

.....



MAKIPAG-UGNAYAN SA MGA KAPITBAHAY

Ang mga pangalan at numero ng telepono ng aking mga kapitbahay:

.....

.....

.....

.....



SUNDIN ANG MGA IPINAPAYO NG MGA SERBISYONG PANG-EMERGENCY

Lokal na VHF Channel:



TANDAAN NA ANG SUNOG AY MAAARING BIGLAANG MAGING MAPANGANIB

Huwag umasa lang sa iisang pinagkukunan ng impormasyong pang-emergency. Ang mga network na pang-teleponong komunikasyon ay maaaring hindi gumagana sa panahon ng sunog sa kaparangan. Mga pagkawala ng kuryente ay makakaapekto rin sa kagamitang nakakonekta sa NBN.